IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

# Suri At Salin: Pagsusuring Kritikal Sa Mga Piling Sugilanong Binisaya Ni Juan Irles Villagonzalo

**BELTRAM SABONSOLIN**
Biliran Province State University, Biliran Campus
Biliran, Biliran, Philippines
beltram.sabonsolin@bipsu.edu.ph

**JOHN CAVIN M. SABONSOLIN**
Biliran Province State University, Naval Campus
Naval, Biliran, Philippines
jcsabonsolin@bipsu.edu.ph

*Abstrak* — Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang labindalawang (12) piling Sugilanong Binisaya ni Juan Irles Villagonzalo upang maunawaan ang mga paksang tumatalakay sa paksa at tema, simbolismong ginamit, at kulturang itinatampok sa bawat kuwento. Nakaangkla ang pagsusuri sa teoryang Pormalistiko na nagbibigay-diin sa mismong teksto bilang hiwalay sa may-akda, kasaysayan, at implikasyong panlipunan. Sa pamamagitan ng content analysis, inalam kung paano nakabuo ng natatanging diwa at pag-unawa ang mga sugilanon hinggil sa iba't ibang karanasan ng mga tauhan—lalo na ang magkapatid na sina Lucas at Marcos—na inilalahad sa konteksto ng pag-ibig, paghihirap, kawalang-katarungan, at pakikibaka.
Kaugnay nito, tinukoy rin ang kulturang masasalamin sa mga akda, katulad ng pagtanaw ng utang na loob, pagmamalasakit, at mapagkumbabang pag-uugali, pati na ang negatibong ugali tulad ng pang-aabuso at crab mentality. Iminumungkahi ng resulta na mayaman at malalim ang pagpapahalaga ng mga Sugilanong Binisaya sa identidad at pagkatao ng mga Pilipino, na maaaring gamiting batayan sa pagbuo ng isang pinagyamang silabus para sa pagtuturo ng lokal at rehiyonal na panitikan. Sa ganitong paraan, mas mapahahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang katutubong wika at kultura, kasabay ng pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa masusing pagsusuri at kritikal na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

***Keywords — Sugilanon'g Binisaya, paksa, tema, simbolismo at kultura, pinagyamang silabus, J Villagonzalo***

## I. Introduksyon

Ang *Sugilanong Binisaya* ay katumbas ng maikling kuwento sa mga Katagalugan—isang masining na salaysay na maaaring hango sa tunay na buhay o likha ng mayamang imahinasyon. Nag-ugat ito sa mga anyong tuluyan tulad ng alamat at mitolohiya, at itinuturing na salamin ng pamumuhay, paniniwala, at kulturang Bisaya.

Sa kasalukuyan, kapansin-pansin ang unti-unting pagkalimot ng mga kabataan sa mga akdang pampanitikang Binisaya, dala ng pag-usbong ng modernong teknolohiya at impluwensiya

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng wikang Tagalog at Ingles. Bilang isang instruktor, nakita ng mananaliksik ang kakulangan sa interes at kaalaman ng mga estudyante hinggil sa ganitong panitikan.

Dahil dito, napiling pagtuunan ng pag-aaral ang *Sugilanong Binisaya* ni Juan Irles Villagonzalo, partikular ang akdang *Wala'y Igsoon* (1912)—isang nobelang nagpapakita ng tunggalian, migrasyon, at kolonyal na epekto sa pagkatao. Layunin ng pananaliksik na suriin ang mga paksa, tema, simbolismo, at aspektong kultural ng mga kwento upang makabuo ng panukalang kagamitang lokal na magagamit sa pagtuturo alinsunod sa layunin ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).

Sa ganitong paraan, inaasahang mas mapapahalagahan ang panitikang Binisaya bilang bahagi ng pagpapayaman ng wika, kultura, at edukasyong Pilipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Pangunahing layunin ng pag-aaral ay masuri ang piling Sugilanon'g Binisaya ni Juan Irles Villagonzalo.

Tiniyak na masagot ang sumusunod:

1. paksa at tema;
2. simbolismo;
3. kultura

**Teoretikal/Konseptuwal Balangkas ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay nakasandig sa **Teoryang Pormalistiko** nina Cuddon (2013) at Jacobson (1921) na naglalayong suriin ang akdang pampanitikan batay lamang sa anyo, estruktura, at nilalaman nito, hiwalay sa buhay ng may-akda o konteksto ng lipunan. Ayon sa teoryang ito, ang isang akda ay may sariling kaakuhan at kabuluhan; binibigyang-halaga ang organisasyon ng mga bahagi nito, tulad ng tono, punto de bista, simbolismo, at motibo.

Sa pagsusuri ng mga **Sugilanong Binisaya** ni Juan Irles Villagonzalo, bibigyang-pansin ang **paksa at tema**, **mga simbolismong ginamit**, at **aspektong kultural** ng mga akda. Ang layunin ay tukuyin kung paanong ang mga ito ay nagsisilbing salamin ng realidad at daluyan ng pagpapahalagang moral at kultural.

Sa paggamit ng pormalistikong lapit, tinitiyak ng mananaliksik na ang pagsusuri ay nakatuon sa lohikal na pagkakabuo ng akda bilang isang masining na anyo, at hindi sa labas na salik. Pinapatingkad din dito ang kahalagahan ng simbolismo bilang midyum ng mas malalim na kahulugan at ang papel ng panitikan sa paglalantad ng kulturang Bisaya.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

**Pagsusuri ng Kaugnay na Literatura**

Ipinapakita sa mga umiiral na literatura na ang pormalistang pananaw sa panitikan ay nagbibigay-diin sa estruktura, wika, at elementong pampanitikan ng isang akda, anuman ang konteksto ng may-akda (Coleridge & Cuddon, 2013; Villafuerte & Semorlan, 2014). Sa parehong linya ng pag-iisip, itinuturing ang maikling kuwento bilang isang masining na salamin ng damdamin, kultura, at pananampalataya ng tao (Fabian, 1979; Mabanglo et al., 1979; Lachica, 1996; Doria, 1985).

Kasabay nito, pinatotohanan ng mga pananaliksik nina Chen (2009) at Tumangan et al. (1990) na ang kuwentong-bayan ay sagisag ng katutubong karunungan at nagpapahayag ng mahika, paniniwala, at pamumuhay ng mga sinaunang mamamayan. Kaugnay nito, lumitaw sa mga akda nina Semorlan (2014) at Reyes (2000) ang halaga ng mahiwagang realismo at enkulturasyon bilang teoretikal na lente upang tukuyin ang pagsasanib ng pantasya at reyalidad, gayundin ang kakayahan ng panitikan na maghatid ng unibersal na pagpapahalaga.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ng mga iskolar gaya nina Santos (2000) at Yu (2006) ang papel ng panitikan bilang tagapagsalaysay ng karanasan at kasangkapan sa pagbubunyag ng lipunang kinabibilangan. Sa larangan ng edukasyon, inilahad nina Buensuceso (1997), Abad at Ruedas (2001), at Aton (2007) ang kahalagahan ng mga kagamitang pampagtuturo upang mapalalim ang pag-unawa sa panitikang Filipino.

Sa hanay ng mga pag-aaral, pinatunayan nina Cuizon (2014) at Rubio (2018) na ang sistematikong pagsusuri gamit ang pormalistiko at dekonstruksyong lente ay epektibong paraan upang masuri ang estruktura, tema, at kahulugan ng maikling kuwento. Samantala, tinalakay nina Christine (2017) at Jumalon (2008) ang kahalagahan ng literari at moral na elemento sa pagbasa ng panitikan, samantalang sina Calisagan (2005) at Dizon (2000) ay tumutok sa pagpapahalagang kultural at panrelihiyon.

Sa mas masinsinang pagsusuri, iminungkahi nina Macan (2002) at Desierto (2003) ang paggamit ng pormalistiko at objektibong lapit upang tukuyin ang panitikan bilang isang awtonomong anyo. Maging ang mga pag-aaral nina Rebamonte (2019), Ligutom (2013), at Cañete (2002) ay nakatuon sa pagbibigay-halaga sa tema, simbolismo, at estilo ng akda, samantalang pinatingkad ni Gerong (1973) ang kahalagahan ng matatalinghagang wika at pansariling pananaw sa pagbasa.

Sa kabuuan, ang mga literatura at pag-aaral na ito ay nagbibigay ng matibay na pundasyon sa pagsusuri ng mga sugilanon’g Binisaya ni Juan Irles Villagonzalo, na layuning tukuyin ang temang nakapaloob, mga simbolismong ginagamit, at aspektong kultural ng mga akda—bilang ambag sa mas malalim na pag-unawa at pagtuturo ng literaturang Filipino sa iba’t ibang antas ng edukasyon.he

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## II. Metodolohiya

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibong paraan ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga nilalaman o *content analysis* sa 12 piling sugilanon'g Binisaya.

Sa pag-aaral na ito, ang nilalaman ng 12 sugilanon ay dadaan sa isang masistemang pagsusuri sa paksa, tema, simbolo, kultura at epekto ng bawat sugilanon na ang layunin ay matukoy nang tapat at tumpak

### Pinagmulan ng Datos

Ang 12 Sugilanon'g Binisaya ni Juan Irles Villagonzalo ay nakalap mula sa Aklat ng Bayan ng Komisyon sa Wikang Filipino na kinuha mula sa internet sa website na *http://kwf.gov.ph/nobela-ng-kauna-unahang-sebwanong-nobelista-ilulunsad-ng-kwf/*. Narito ang 12 pamagat ng Sugilanong Binisaya ni Juan Irles Vilolagonzalo: 1) Sinugdan; 2) Una'ng Panagkita; 3) Ang Gugma sa Kabus; 4) Magbabaul Ug Pulahan; 5) Sa Tornahan; 6) Mutsatso; 7) Pahaba…; 8) "Grumete"; 9) !...............!; 10) Mga Dahon sa Usa Ka "Cuaderno"; 11) Amahan Inahan Ug Anak… 12) Wala'y Igsoon….

Ito ay itinampok sa Philippine International Literary Festival (PILF) 2017 na inilunsad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa isa sa mga nobela ng kauna-unahang nobelistang Sebwano na si Juan Irles Villagonzalo, ang Wala'y Igsoon na inilimbag noong 1912, higit isang siglo na ang nakararaan.

### Instrumentong Ginamit

Ang instrumenting ginamit ay tatlong talahanayan na pawang orihinal at sadyang binuo upang umangkop sa pag-aaral. Ito ay masusing sinuri ng tagapayo para sa balidasyon nito.

Ang unang talahanayan ay para sa pagsusuri ng paksa at tema. Ito ay nahahati sa tatlong kolum: pamagat ng sugilanon, paksa at tema.

Ang ikalawang talahanayan ay para naman sa pagsusuri sa simbolismong may ipinahihiwatig. Ito ay nahahati pa rin sa dalawang kolum: pamagat ng sugilanon, simbolismo.

At ang ikatlong talahanayan ay para sa pagsusuri ng kultura. Ito ay nahahati pa rin sa dalawang kolum: pamagat ng sugilanon, at ang kultura.

Ang ika-apat na hakbang ay bubuo ng isang pinagyamang sillabus na ginamit sa pagtuturo ng Panitikang Pilipinas, sa pamamagitan ng pagpasok sa mga sugilanon na nasuri batay sa paksa at tema, simbolismo at kultura.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. Paglalahad, Pagsusuri at Pagpapakahulugan sa mga datos

### Talahanayan 1. Paksa at Tema

| Mga Sugilanon | Paksa | Tema |
|---|---|---|
| • SINUGDAN | • pakikipaglaban | • magkaiba ang landas na tinahak ng magkakapatid. |
| • UNA'NG PANAGKITA | • pagmamahalan | • pagmamahal sa kapatid |
| • ANG GUGMA SA KABUS | • pagmamahalan | • pangkalahatang pagmamahalan |
| • MAGBABAUL UG PULAHAN | • pagmamalupit | • paghihirap at pag-aaping natamasa |
| • SA TORNAHAN | • paghahanapbuhay | • pagpapahayag ng manggagawa |
| • MUTSATSO | • Kahirapan | • Pang-aapi sa kapwa |
| • PAHABA… | • Pakikibaka | • Walang magandang idudulot sa pakitang tao. |
| • GRUMETE | • Pagkamatatag | • walang pangarap na maabot kung mahina |
| • !…………….! | • Paghihirap | • Pagtitiis sa buhay |
| • MGA DAHON SA USA KA "CUADERNO" | • Paghahanapbuhay | • Mapait na karanasan sa pangingibang bansa |
| • AMAHAN, INAHAN UG ANAK | • Pagtatanggol | • Pag-aapi sa taong salat sa buhay |
| • WALAY IGSUON | • ipaglaban | • diskriminasyon sa katayuan sa buhay |

**Sinugdan**. Ang paksang nangingibabaw sa "sinugdan" ay *"pakikipaglaban"*. Ito ay ang pakikipagsapalaran ng dalawang magkakapatid na marcos at lucas sa buhay na kahit iba-iba ang landas na kanilang tinahak ay pinagpatuloy pa rin nila ang kanilang buhay. Ito rin ay ang pakikipaglaban ng dalawang magkakapatid sa dagok ng buhay. Maraming nangyari pero parin silang lumalaban

Ang temang malilirip sa kwento ay ang dalawang magkakapatid na magkaiba ng landas na tinahak. Ang isa ay hindi nagpatuloy sa digmaan dahil sap ag-ibig. Ang isa naman ay sumama sa mga revolucionario at sumamang makipaglaban para sa bansa.

**Unang panagkita**. Ang nagingibabaw na paksa sa akda ay ang pagmamahalan. Ang pagmamahal sa kapatid ay ang natural na emosyong lumalabas sa isang magkakapatid kung saan bawat pait, kasiyahan at tagumpay ay pait, kasiyahan at tagumpay rin ng isa. Ang isang magkapatid ay parang magkadugtong na bituka kung saan hindi mo maaaring mapaglayo ng matagal kung ito may mangyari ay hahanap at hahanap ito ng paraan na muling makita o mahanap ang bawat isa at muling makaramdam ng parehong init na maramdaman lamang ng pagmamahal ng isang kapatid.

Ang temang nangingibabaw ay ang pagmamahal sa kapatid. Sa literal na pagpakahulugan, ang pagmamahal ay damdamin ng isang indibidwal na pinadarama sa tao, bagay o hayop na ating pinapahalagahan. Ito ay sadyang napakamakapangyarihan dahil ito ang nagbubuklod sa bawat isa. Gaya ng dalawang magkapatid na dahil sa matuga na pagkawalay sa isa't isa ay maramdaman mo talaga ang galak ng magkita sila. Ang galak ng nakakatandang kapatid ng malamang buhay pala ang kaniyang pinakamamahal na kapatid na matagal na niyang hindi nakita. Ipinapakita sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kuwento na ang pagmamahal ay walang pinipiling panahon at tao. Gaano man katagal ang panahong hindi kayo nagkita o kung ano man kapangit o kaganda ang nangyari sa taong iyong pinapahalagahan ay tatanggapin at tutulungan mo pa rin ito dahil sa presensiya ng pagmamahal mo sa tao.

**Ang gugma sa kabus.** Pinaksa rito sa kwento ang pagmamahalan. Ang pagmamahal ay walang pinipili.

Ang nangingibabaw na tema ng akda ay pagmamahalan. Ang pagmamahalan at pag-ibig ay pangkalahatan. Wala ito sa estado ng pamumuhay, wala ito sa anong uri ng lipunan na kinabibilangan, ito ay naramdaman ng kusa at ang kagalakan ay pangwalang hanggan.

Patunay na kapag ang pag-ibig ay tumama kanino man hinahamak nito ang lahat upang masunod ito. Mabigo man sa huli ang mahalaga ay ikaw ay mayroong magmahal. Ito lamang ang bagay sa mundo na tanging nauulit madapa man o maghirap, ito ay ang sandatang bumabangon sa diwa natin upang mabuhay.

**Magbabaul ug pulahan.** Pinapaksa ng kuwento ay ang pagmamalupit o pang-aapi. Ito’y tumutukoy sa pagmamalupit sa kapwa ng mga taong nasa magandang estado at pagtapak sa karapatan ng taong naghihirap at nagsumikap magtrabaho para mabuhay.

Ang temang bumabalot sa kuwento ay “ang paghihirap at pang-aaping natamasa ng isang magsasaka sa may-ari ng lupang sinakahan.

**Sa tornahan.** Ang paghahanapbuhay ay ang paksang tinutukoy. Ito ay tumutukoy sa ginagawa ng isang tao kung saan siya ay sumasahod o kumikita ng pera na makakatulong sa pagtugon sa kanyang mga pangaraw-araw na pangangailangan.

Ang nangingibabaw na tema ay ang tungkol sa pagpapahayag o pagsulong ng manggagawa ng kanyang karapatan laban sa hindi pantay-pantay at hindi makatarungan na pagbibigay ng sahod sa mga manggagawa. Ito ay nangangahulogan ang bawat manggagawa ay may parehong karapatan na makatanggap ng sahod na naayon sa haba ng oras at bigat at dami ng trabaho na ipinagagawa sa kanila kung kaya’t nararapat lamang na isulong ng mga manggagawa ang kanilang karapatan lalong-lalo na ngayon na ang hindi pantay-pantay at hindi makatarungan na pagbibigay na sahod sa mga manggawa ay isa sa mga problemang kinakaharap ng mga manggagawa na kailangan na masolusyonan sa lalong madaling panahon dahil nakakaapekto kasi ito sa kanilang pamumuhay sapagkat kapang hindi makatarungan ang pagbibigay ng sahod, para kasing hindi binibigyan ng hustisya at hindi pinapahalagahan ang lakas at pawis na ibinuhos ng mga manggagawa sa kanilang trabaho kaya nararapat lamang na isulong ng mga manggagawa ang kanilang karapatan ukol dito.

**Mutsatso**. Ang nangingibabaw na paksa sa kuwento ay kahirapan. Ang kahirapan ay tumutukoy sa kalagayan o katayuan ng isang tao na walang isang halaga ng mga pag-aaring materyal o salapi.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang nangingibabaw na tema sa kuwentong ito ay pang-api. Ang pang-api ay isang agresibong kilos na nanadyang saktan ang isang tao, pisikal man o kaisipan. Ang tema ay malilirip sa susunod na talata. Ang Senyora, nangisog, migunit sa bugha, gibunalan si Lucas, nanuyo nganu kunong gitugotan nga mag-away ang mga iro. Nag tawag ug pulis ug gipadala si Lucas kay kuno nangawat kaniya ug singsing. Wala pa hatagi sa suhol sa adlaw nabuhatan kay kulang pa gani kuno sa bili sa duh aka pinggang nabuak.

**Pahaba**. Ang pinapaksa dito ay ang pakikibaka. Pakikibaka ni Lucas kung paano malampasan at matugunan ang kanyang pangangailan sa buhay. Kung paano niya haharapin ang maling paniniwala ng ibang tao sa kanya. Ang tema ng kuwento ay "Walang Magandang Idudulot Ang Pakitang Tao Sa Buhay". Ito ay makabuluhan sapagkat ito ay nag-pamulat sa ipisan ng mga mambabasa na walang magandang maidudulot ang pakitang tao sa larangan ng trabaho at estado ng buhay.

**Grumete.** Ang **pinapaksa** dito ay ang **PAGKAMATATAG.** Ang pagiging metatag sa bawat hamon ng buhay ay sumsimbolo sa determinasyon ng bawat tao. Matatag ay nangangahulugang malakas at matapang upang harapin ang pagsubok. Maaring ito man ay madaling malampasan o hindi. Sinasabing matatag ay nangangahulugang malakas at matapang upang harapin ang pagsubok. Nakatatak na sa isipan ng isang taong matatagang kanyang pangarap na dapat abutin kaya inihanda niya ang sarili para rito. Ang pagiging matatag ang tanging kakapitan natin sa mundong mapanghusga. Dapat hindi tayo magpadala sa anumang tukso ng mundo sa atin dahil kapag napatangay tayo sa alon na nais nilang gawin nating parang nawalan na rin tayo ng kalayaan.

Ang **temang** bumabalot sa kuwento ay **"WALANG PANGARAP NA NAABOT KUNG MAGING MAHINA SA LABAN NG BUHAY".** Ang nais iparating ng akda ay ang magbigay aral sa mga mambabasa na dapat maging matatag para sa ikauunlad ng buhay. Lahat ng tao ay humarap sa matinding pagsubok ngunit diskarte na ng tao kung paano niya ito haharapin. Mayroong pagkakataon na nanghihina tayo at nawalan ng pag-asa ngunit huwag mo itong gawing dahilan upang sumuko sa laban.

**!..............!.** Samantala, ang mga paksa ay PAGHIHIRAP na nakatuon sa hirap na dinanas ni Lucas at tema ay PAGTITIS SA BUHAY dahil sa hirap na dinanas niya ikinukubli ang pagtitiis niya nasuri namang simbolismo sa ikasiyam na sugilanon, una ay **salapi** na sumisimbolo ng buhay sapagkat nakapapawi ito ng gutom. Kagaya ng salaping natanggap ni Lucas na lima ka pesos, agad niyang tinanggap sapagkat gutom na gutom na siya at sapat na ang salaping ito upang malamnan ang kanyang tiyan.

Ang **paghikog** o pagkitil sa buhay ay tanda ng kamatayan at katapusan. Ito ang mga bagay na hindi kayang gawin ni Lucas. Sa dami ng mga pangit at masaklap na karanasan niya sa buhay nisa panaginip ay di niya ito naisip gawin. Matatag si Lucas kahit ilang beses nakulong at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pinagbintangan ay nananatili pa rin siyang matibay at matatag sa buhay. Pinahahalagahan niya ang kanyang buhay kahit siya ay nahihirapan patuloy pa rin ang laban sa buhay.

Ang **taong bugaw** na nakilala ni Lucas sa lugar na pinag-iwanan sa kanya ng Kapitan ng bapor ay sumisimbolo bilang pag-asa. Sa simula tila parang di niya ito pinansin ngunit patuloy pa rin itong nakikipag-usap sa kanya kaya kinausap na rin niya ito at siya pala ang magiging daan upang siya ay makakain, magkapera, makapunta at makapagtrabaho sa Hawaii.

Ang **Hawaii** ay sumisimbolo ng pagbabago at kasaganahan. Ito ang lugar na nais puntahan ni Lucas upang matakasan ang mga kapighatiang nalasap at naranasan ni Lucas sa buhay. Batid ni Lucas kung ano ang sasapitin niya sa Hawaii ngunit binigyan siya ng paunang bayad na limang piso at pinangakuan ng 36 na piso ang sahod kada buwan, may maayos na tirahan, may pagkain at may damit pa. Kaya para kay Lucas mainam na makapunta siya ng Hawaii kaya sumama siya sa tao kaysa sa Sugbu na wala siyang mapapala.

**Mga Dahon sa Usa Ka “Cuaderno**”. Ang paksang nangingibabaw ay ang PAGHAHANAPBUHAY. Ito ang paraan ng mga tao upang makaraos sa kanilang mga pangangailangan araw-araw. Ang temang tinatalakay sa kwento ay ang MAPAIT NA KARANASAN NGA MGA TRABAHADOR LALO NA SA IBANG BANSA, dahil pokus ng kwento ang karanasa ni Lucas bilang isang trabahador sa sinubukang makipagsapalaran sa ibang bansa at kung papaanong sa kanyang pag-uwi matapos ang dalawa’t kalahating taon ay wala pa ring pagbabago sa buhay ng mga kapwa niya trabahador sa bansang kanyang sinilangan.

**Amahan, Inahan Ug Anak.** Ang paksang nangingibabaw sa “Amahan, Inahan ug Anak…” ay ang PAGTATANGGOL. Nangangahulogan pagpoprotekta sa mga taong walang kalaban-laban. Hindi nararapat sa isang tao na apihin lalong lalo na kung wala itong atraso. Mapa babae, lalaki o bata ay dapat ipagtanggol mula sa anong uri ng karahasan. Pisikal man o berbal.

Ang temang nangingibabaw sa “Amahan, Inahan, ug Anak …. “ay ang PAG-API SA MGA TAONG SALAT SA BUHAY. Sa buong kwento, makikita kung paano tinrato ang babaeng namumulot ng bigas na si Maria. Pinagsasabihan ng masasama, tinangkang ipadampot sa mga pilos at dalhin sa munisipyo, at pinagbintangang namutas ng sako ng bigas.

**Wala’y Igsoon.** Ang paksang nangingibabaw sa ‘WALA’Y IGSOON” ay ang IPAGLABAN kung ano ang nararapat para sa lahat at huwag natin hayaan na maging alipin sa mga may kapangyarihan o mayayaman. Ibig sabihin na lahat ng indibidwal ng nabubuhay sa mundo ay may karapatan na hindi lamang basta-basta aapakan ng kahit sinoman. Pantay-pantay tayong nabubuhay sa mundo at iisa lamang aan gatinghangarin at uyon ay ang mabuhay. Bago pa man gumawa ng hakbang, kinakailangang alalahanin nating kung maganda o masama ba ito sa iba.

Ang temang nangingibabaw sa “Wala’y igsoon” ay ang DISKRIMINASYON SA KATAYUAN SA BUHAY. Ang tema ay ang pangunahin paksa na pinag-uusapan o binibigyan

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

ng kahulugan o ito ay isang estilo na makikita sa buong kwento. Ang diskriminasyon ang isa sa mga pangunahing isyu na makikita sa kwetong ito. Ang panghuhusga sa kakayahan ng isang tao ay hindi karapat-dapat na gawin ng isang tao o isang lupon ng lipunan. Ang diskriminasyon ang isa sa mga sanhi kung bakit ang mga tao ay nagkakaroon o nakakaranas ng panghihinayang sa sarili.

**Talahanayan 2. Simbolismo**

| Mga Sugilanon | Simbolismo |
|---|---|
| • SINUGDAN | • Digmaan |
| • UNA'NG PANAGKITA | • Bilangguan |
| • ANG GUGMA SA KABUS | • Dolyar |
| • MAGBABAUL UG PULAHAN | • Pawis |
| • SA TORNAHAN | • Sahod |
| • MUTSATSO | • Nabasag na Baso |
| • PAHABA… | • Hirap |
| • GRUMETE | • Barko |
| • !……………..! | • Salapi |
| • MGA DAHON SA USA KA "CUADERNO" | • Tunok |
| • AMAHAN, INAHAN UG ANAK | • Bigas |
| • WALAY IGSUON | • Pawis |

Ang simbolismong nangingibabaw sa "Sinugdan" ay digmaan. Sa literal nitong kahulugan, ang digmaan ay isang pangyayari kung saan ilang partido ang nag-aaway o naglalaban sa pamamagitan ng pakikipagsakitan at paggamit ng dahos dahilan sa di pagkakaintindihan o di magkatulad ng paniniwalaan. Pero kung ating titignan ang malalim nitong kahulugan; ito ay sumisimbolo sa buhay ng dalawang magkakapatid na kung saan ang kanilang buhay ay parang digmaan. Magulo, maraming pagsubok, may buhay na anwala pero higit sa lahat hindi sumuko sa dagok ng buhay.

Samantala, ang nagingibabaw na simbolo sa Una'ng Panagkita ay ang bilangguan. Nangunguhulugang ang bilangguan ay isang piitan ng mga taong lumabag o napagbintangang lumabag sa batas. Sumisimbolo ito bilang isang pagsubok sa magkakapatid. Sinubok nito ang bigkis ng dalawang magkakapatid kung gaano nila binigyang halaga ang bawat isa, na sa kabila ng pagkabilanggo ng nakababatang kapatid ay nangingibabaw talaga ang pagmamahal ng kanyang nakakatandang kapatid at naghanap ng paraan upang siya ay makalaya. Gaya rin ito sa totoong buhay, kung ang isa sa iyong kapamilya o maging kamag-anak ay nasa mahirap na sitwasyon o pagsubok ay nangingibabaw talaga ang pagtulong at pagmamalasakit, dahil ang totoong pagmamahal at pagmamalasakit at walang pinipiling tao at lugar.

Bukod dito, ang Gugma sa Kabus ay sumisimbolo ang dolyar bilang kayamanan o kapangyarihan. Sa kwentong ito ipinapakita kung gaano kaimpluwensiya ang pera para sa karalangan at estado ng pamumuhay. Sa buhay ng tao lalo na sa mga uhaw sa papuri, madalas

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mangyari ito sa katotohang ito ang magbibigay ligaya at papuri na may nailalamang sila sa kanilang kapwa. Bawat dolyar na mayroon sila ay isang respeto na para sa kanila ay mas matimbang kaysa anumang prinsipyong moral.

Sa totoong buhay ginagamit natin ang salapi bilang pananggalang sa mundong ibabaw. Hindi tayo nabubuhay sa mahikang pantay ang pagtingin sa ating karapatan, kaya salapi o dolyar ang tagapagtubos sa atin. Sa madaling salita ang tao ay nagtatrabaho para sa ikasasaya at ikauunlad ng yaman nito.

Higit pa, ang simbolismong nangingibabaw sa storying Magbabaul ug Pulahan ay pawis o singot. Ang singot o pawis ay sumisimbolo sa kahirapan at pagsusumikap ni Lucas upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Kinakaya ang pagtatrabaho sa ilalim ng init ng araw, kahit kaunti lamang ang sa kanyang maaani ang napupunta sa kanya. Pagtitiis nalang ang tanging magagawa ni Lucas dahil kahirapan na ang kalaban nila. Kahit na maubusan siya ng lakas sa pagtatrabaho ay pinipilit niya pa ring tumayo at kumayod dahil kung wala siyang gagawin ay wala siyang aanihin.

Gayundin, ang nangingibabaw na simbolismo Sa Torhanan ay sahod. Ito ay nangingibabaw na simbolismo sapagkat ito ay nagtatalakay o nakapokus sa sahod na matatanggap ng mga trabahador. Sumisimbolo ito sa pagkakapantay-pantay ng sahod na matatanggap ng bawat trabahador na naayon kanyang pinagtratrabahuan. Kabilang dito ang hirap, pagod at oras ng kanyang pagtratrabaho. Ang sahod ay ang nagsisilbing bayad sa trabahong pinagtratrabahuan ng isang trabahador.

Samantala, ang nangingibabaw na symbolismo sa kuwentong Mutsatso ay ang nabasag ng plato. Ang simbolong nabasag na plato ay sumisimbolo sa pagkabasag ng mga pangarap ni Lucas sa buhay dahil ito ang mga pangarap ni Lucas sa buhay dahil dito ang muling naghahatid na naming mui na maibangon ang kanyang sarili muna sa pagkalugmok. Ito ay malilisip sa susunod na talata. Tungod sa duha ka pinggan'g nabuak, tungod sa liog sa manok, nahimo'ng kawatan ang usa ka tawo.

Tungkol naman sa Pahaba, ang mga nagpapakita ng simbolo ay may nakatagong aral o kaisipan sa kuwento na nakabase sa tema at paksa ay mga LUCAS, SINGOT AT LUHA:

LUCAS na ang sinisimbolo ay mga taong masipag at tapat sa trabaho. Hindi alintala ang hirap ng buhay at panghuhusga ng ibang tao. Ang klase ng tao na handang harapin anumang hamon ng buhay ang ibabato sa kanya. Nanatiling pagkamalakitino kahit pa nga masama ang mga tingin sa kanya ng iba.

SINGOT, sumisimbolo sa kasipagan at pagsusumikap. Ginawang araw ang buwan, umaga ang gabi para mabuhay at maahon ang sarili sa tuluyang pagkalugmok sa kahirapan. Hindi binigyang pansin ang mapanghusgang mag mata bagkus nasumikap para hindi matulad sa kanila.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Walang araw na dumaan ang hindi pinag-alayan ng buhay, ang hindi pinaglaban. Iyana ng tunay na sandata ng ating kababayan.

PAWIS at LUHA, sumisimbolo ang katapangan. Hindi totoong kapag umiiyak ka, mahina ka. Mas nagiging matapang ang isang tao sa tuwing siya ay umiiyak. Sa bawat luhang umaapaw sa ating mga mata ay siyang labis na lakas at pagkahimagsik ang makukuha. Ang mga luha ang siyang nagpapakita at nagpapatunay na iiyak man ang isang tao, hindi ibig sabihin na siya ay sumuko, Bagkusm siya ay patapos na sa laban na ipapanalo niya at magsisimula muli sa panibagong laban.

Sa kabuuang ito ay sumisimbolo sa hirap ng buhay. Ang lahat ng bagay ay dapat paghirapan at pagsikapan. Makakamit ang totoo at tamis ng tagumpay kung ito ay dumaan at galing sa dugo at pawis.

Dagdag rito, ang mga nagpapakita ng simbolo sa Grumete na may nakatagong aral o kaisipan sa kuwento na nakabase sa tema at paksa ay ang mga barpo/barko, kapitan at luha.

Ang bawat kwento ay may mga kulturang naguugnay sa ating lipunan na kung saan magbibigay aral sa ating pagkatao at maging gabay sa ating dapat at tamang gawin bilang isang mamamayan. Ang teksto/kwento na pinamagatang GRUMETE ay nakapukos o sumisimbolo sa pagiging malakas ng isang tao kahit na siyay patuloy na nahihirapan sa buhay hindi pa rin ito sumusuko at patuloy na naging malakas sa emosyonal man o sa pisikal na aspeto. Naging pokus ng kwento ang isang tauhan na nangangalang Lucas. Siya ay nagpapakita ng katiyagaan at kasipagan upang magpatuloy sa buhay kahit na maraming mga problema o balakid ang dumating sa kanya. Iisa-isahin nating ang bawat parte ng kwento na nagpapakita ng kulturang pinapahiwatig nito. Sa pamgalawang talata, ipinapakita rito ang pagiging mapagmataas sapagkat sinasaad ditto na ang mga kakilala ni Lucas na pawing nakaamerikana at hindi siya nakilala ni lucas na pwag naka amerikana at hindi siya nakilala dahil sa kanyang lumang kasoutan.

Samantala, ang mga nasuri namang simbolismo sa ikasiyam na sugilanon !..........!, una ay salapi na sumisimbolo ng buhay sapagkat nakapapawi ito ng gutom. Kagaya ng salaping natanggap ni Lucas na lima ka pesos, agad niyang tinanggap sapagkat gutom na gutom na siya at sapat na ang salaping ito upang malamnan ang kanyang tiyan.

Ang paghikog o pagkitil sa buhay ay tanda ng kamatayan at katapusan. Ito ang mga bagay na hindi kayang gawin ni Lucas. Sa dami ng mga pangit at masaklap na karanasan niya sa buhay nisa panaginip ay di niya ito naisip gawin. Matatag si Lucas kahit ilang beses nakulong at pinagbintangan ay nananatili pa rin siyang matibay at matatag sa buhay. Pinahahalagahan niya ang kanyang buhay kahit siya ay nahihirapan patuloy pa rin ang laban sa buhay.

Lumilitaw at sumasabisan sa kwentong Mga Dahon sa Usa Ka Cuaderno ang simbolismong TUNOK na ang ibig sabihin ay tinik at sumisimolo sa hirap at sakit maging tinik sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

pusong nararamdaman ng mga trabahador sa tuwing tinatapaktapakan lamang ang kanilang karapatan at pagkatao.

Namulat ang mga Pilipino sa bansang may matinding pinagdaanan sa nakaraan kaya naman mahasa an gating pagiging madiskarte upang patuloy na mabuhay at ramdam natin na mananalaytay sa ating mga dugo ang katangiang ito na kahit imposible ay hindi tayo agad-agad na susuko bagkus hahanap tayo ng ibang paraan upang ang isang bagay ay matagumpayan.

Mabubuo ang simbolong BIGAS sa kabuuan ng kwentong Amahan, Inahan, ug Anak. Ito ang siyang naging dahilan kung bakit sumiklat ang iringan ni Lucas at ng insik. Sa pamamagitan din ng bigas ay muling magtagpo si Lucas at Maria at ng kanyang anak si Lucas. Isa pang simbolo ang NIGO o BILAO. Ginagamit ito bilang panghiwalay sa mga dumi at sa bigas mula sa ani, katulad ng sa buhay, kailangan masuri ng mabuti ang mga taong tatanggapin sa buhay. Gaya ng sa kwento minasdan at pinakinggan muna si Lucas ang pangyayari sa pagitan ni Maria at ng insik bago siya umaksyon at tumulong sa babaeng inaapi.

Isa sa mga simbolo sa kwentong Walay Igsoon ay ang “Singot o Pawis” na nangangahulugang ito ang saksi sa mga paghihirap na nararanasan sa buhay ng isang tao. Maraming paraan na mailabas ang pawis na may mga matinding hinuhugutan na makamit sa buhay. Sa pamamagitan ng pawis maipapakita at nabubuhay ang mga mamomoo na pursigido talagang gumawa at magtrabaho. Ipinapaluta dito ang pagkamatiyagang tao, masipag at may malasakit sa trabaho. Saksi ang pawis sa pagkamit ng bunga sa pinaghihirapan tulad na lamang sa pagtawid ng gutom upang mapunan at may makain sa kalamnan. Hindi lamang nakatuon ang simbolismo ng pawis sa paghihirap ngunit pwede rin ito sa mga masasayang pangyayari.

Sinundan naman ito ng simbolong Luha na kung saan ang luha ang siyang sumisimbolo sa isang mabigat na nararamdaman ng tao. Ito rin ay nagpapahayag ng isang napakasaklop na karanasan katulad sa kwento na kung saan Malaki ang naging agwat ng mga mayayaman at dukha. Ang luha ay kusang pumapatak kapag ang sakit nararamdaman ay hindi na kayang itago base sa kwentong ito, walang karapatang ipagsiksikan ng mga dukhang mamomoo ang sarili sa taong may kaya. Pero sa tunay na pangyayari may pagkakataon na ang luha rin ay nagpapahayag ng sobrang kagalakan o labis na kaligayahan.

Bago paman natin pormal na tukuyin kung ano ang magiging apekto ng tekstong pinamagatang “WALAY IGSOON” ay atin munang lamin kung ano nga baa ng kahulugan ng mga salitang kultura at lipunan at kung ano ang kanilang ugnayan sa isa’t isa para malaman natin na ang dalawang salitang ito ay mayroong papel na ginagampanan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 3. Kultura**

| Mga Sugilanon | Kultura |
|---|---|
| • SINUGDAN | • pagtanaw ng utang na loob sa kapwa |
| • UNA'NG PANAGKITA | • bukas pusong pagtanngap at pagtulong sa pamilya |
| • ANG GUGMA SA KABUS | • pagmamahalan |
| • MAGBABAUL UG PULAHAN | • mapagkumbaba |
| • SA TORNAHAN | • mapang-abuso |
| • MUTSATSO | • mapagkumbaba |
| • PAHABA… | • crab-mentality |
| • GRUMETE | • pangangaral sa kapwa |
| • !…………….! | • bugas |
| • MGA DAHON SA USA KA "CUADERNO" | • maparaan |
| • AMAHAN, INAHAN UG ANAK | • malasakit |
| • WALAY IGSUON | • Paniniwala |

Iba't ibang **kulturang Pilipino** ang inilahad sa mga *Sugilanong Binisaya* ni Juan Irles Villagonzalo. Sa *Sinugdan*, itinatampok ang **pagtanaw ng utang na loob**—isang pagpapahalaga sa tulong ng kapwa na nagpapatibay ng ugnayan at pagbibigayan. Sa *Una'ng Panagkita*, pinapatingkad ang **pagtanggap at muling pagkakaisa ng pamilya**, na nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unawa at pagbabalik-loob.

Itinampok sa *Ang Gugma sa Kabus* ang **pagmamahal** bilang pundasyon ng kulturang Pilipino, habang sa *Magbabaul ug Pulahan*, nangingibabaw ang **pagiging mapagkumbaba**, na bagama't positibo, ay maaaring pagmulan ng pang-aabuso kapag sinamantala ng nakakataas. Ganito rin ang temang makikita sa *Mutsatso*, kung saan ang labis na pagpapakumbaba ng pangunahing tauhan ay humantong sa kawalan ng hustisya.

Sa *Tornahan*, lantad ang **kulturang mapang-abuso**, na nagpapakita ng kawalang-pantay-pantay sa lipunan. Sa *Pahaba*, ipinakita ang **crab mentality**, o ugaling hilahan pababa, na nagpapabigat sa pagkamit ng tagumpay ng iba.

Ang *Grumete* ay naglalarawan ng **katiyagaan, katapangan, at lakas ng loob** ng mga Pilipino sa harap ng kahirapan, habang ang *Mga Dahon sa Usa ka Cuaderno* ay sumasalamin sa **pagiging maparaan**, na katangi-tanging kakayahan ng mga Pilipino upang makatawid sa hamon ng buhay.

Makikita naman sa *Amahan, Inahan, ug Anak* ang **pagmamalasakit sa kapwa**, isang pundasyong kultural na nagpapalalim sa ugnayang pantao at nagbibigay pag-asa sa nangangailangan. Sa *Wala'y Igsoon*, tampok ang **pagmamalupit, kawalang-katarungan, at pagmamagaling**, na nagpapakita ng hindi pantay na kalagayan sa lipunan.

Sa kabuuan, ang bawat kuwento ay sumasalamin sa **iba't ibang mukha ng kulturang Pilipino**—positibo man o negatibo—na may malalim na impluwensiya sa pagkatao, ugnayan, at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

lipunan. Ang mga ito'y maaaring gamiting batayan sa paglikha ng lokal na kagamitang panturo na mas makabuluhan sa konteksto ng mga estudyanteng Bisaya.

## IV. Kongklusyon

Sa kabuuan, naipakita sa bawat sugilanon ang pakikipagsapalaran ng magkapatid na sina Lucas at Marcos na nagtagpo muli sa iba't ibang yugto. Lumabas ang iba't ibang paksa at tema—tulad ng pagmamahalan, pag-aapi, at paghihirap—na nagpapahiwatig na ang kahirapan, digmaan, at kawalan ng katarungan ay pawang bahagi ng kanilang buhay. Sa simbolismo, bumalatay ang ilang bagay (tulad ng pawis, bilangguan, at salapi) na sumasalamin sa katotohanan ng lipunan. Sa kultura, lumutang ang mga positibo at negatibong kaugalian ng mga Pilipino (pagmamalasakit, pagtanaw ng utang na loob, mapagkumbaba, ngunit may crab mentality at pang-aabuso).

Naging daan ang mga sugilanong ito upang higit na maunawaan ang suliranin sa lipunan gaya ng diskriminasyon, pang-aapi, at kawalan ng karapatan, at kung paano nagsisikap ang mga tauhan—lalo na si Lucas—na magpatuloy sa kabila ng paulit-ulit na kabiguan. Ipinahihiwatig din ang *pagpapahalaga sa dignidad at lakas ng loob*, na nagsisilbing inspirasyon hindi lamang para sa mga mambabasa kundi para sa sinumang nakararanas ng katulad na pagsubok.

## Mga Sanggunian

[1] Abad, M.A. at Ruedas, P.C. (2001). Paghahanda ng mga kagamitan pampagtuturo. National Book Store | ISBN 9710861786.
[2] Abangan, V. S. (2000). Walong pelikulang Filipino: isang masinsinang pagsusuri. Cebu Normal University. Cebu City
[3] Abangan, V. C. et. Al. (2009). Retorika masining na pagpapahayag. Sta. Ana Manila: ACCORD Printing Press.
[4] Butaya, R.R. (2018). Kontekstwalisayon sa pagpapalawak ng bokabularyo: mungkahing gabay sa pagtuturo. Cebu Normal University. Cebu City.
[5] Cañete, M.C. (2002). Pantekstwal na pagsusuri ng mga piling sanaysay na Filipino. Cebu Normal University. Cebu City.
[6] Calisagan (2005). Pandaigdigang kongreso sa mga pag-aaral hinggil sa Pilipinas sa wikang Filipino.
[7] Cuizon, R. I. (2014). Meta-Analisis sa pagsusuri ng maikling kwento sa mga tesis at disertasyon. Asia pacific journal of multidisciplinary research. P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com | Volume 2, No. 5.
[8] Davies, J.C., editor. (1971). When men revolt and why. New York: The Free Press.
[9] Del Castillo, Teofilo (1968). Philippine literature from the past. Quezon City: Bede's Publishing House Inc.
[10] Dela Torre, N.P. (2003). Mga femenistang tema sa mga piling tulang Cebuano ni Erlinda K. Alburo: pinagyamang silabus sa panulaang Filipino. Cebu Normal University. Cebu City.
[11] Desierto, E.G. (2003). Isang pagsusuring pampanitikan ng mga piling maikling kwentong nagwagi sa gawad Carlos Palanca 1950-1989. Cebu Normal University, Cebu City.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[12] Fagothey Austin,S.J. (1963). Right and reason: ethics in theory and practice. St. Louis: C.S. Mosby Co.
[13] Gerong G.S. (1973). Critical analysis of the sixteen short stories in English of Godofredo, University of San Carlos. Cebu City.
[14] Kerlinger, F.N. (1973). Foundation of behavioral research. Quezon City: Phoenix Inc.
[15] Lachica, V.A. (1996). Panitikan sa Pilipinas. Manila: Rexbookstore
[16] Lavine, T.Z. (1984). From socrates to sartre: The philosophic quest. New York: Bantam Books
[17] Ligutom, C.B. (2013). Piling maikling kwento ni Genoveva Edroza- Matute: istruktura at larawan ng buhay. Cebu Normal University, Cebu City.
[18] Mabanglo, R.E., et.al. (1979). Panunuring pampanitikan: makabagong Pilipino para sa kolehiyo. Manila: Alemar Phoenix House Inc.
[19] Macan, R.S. (2002). Isang pagsusuring kritikal sa limang piling maikling kwentong Cebuano. Cebu Normal University. Cebu City.
[20] Marx, Karl and Engels, Friedrich. (1964). The communist manifesto, edited by Francis Randall, Washington: Washington Press
[21] Mayos, N.D. et.al. (2007).Maikling kwento at nobela. Cabanatuan City: Anahaw Enterprises.
[22] Pananganan, M.K.P. (2018). Minanang kulturang Cebuano sa mga piling orihinal na komposisyon: isang analisis. Cebu Normal University, Cebu City.
[23] Perez, A.A. (2004). Isang pagsusuri ng mga editoryal sa apat na tabloid: instructional guide sa editorial writing. Cebu Normal University. Cebu City.
[24] Rebamonte, G.C. (2019). Theme-Based technique ni G. W. Ryan sa pagsusuri sa mga piling talumpati: gabay sa pagtuturo. Cebu Normal University. Cebu City.
[25] Rebamonte, M.C. (2016). Dilang hiram: mga salitang Español na naiba ang kahulugan sa Tagalog at Sugbuanong Binisaya: isang talatinigan. Cebu Normal University. Cebu City.
[26] Rees, John. (1998). The Algebra of revolution: the dialectic and the classical Marxist tradition. New York: Routledge
[27] Rubio, E.V. (2018). Isang dekonstrukyong pagsusuri sa mga piling maikling kuwento ni Pedro S. Dandan. E-Journal
[28] https://ejournals.ph/form/print.php?id=108.
[29] Siaga, L.A. (2001). Mga istrukturang linggwistika na napapaloob sa mga piling maikling kuwento na nagwagi ng gantimpalang Palanca. Cebu Normal University. Cebu City
[30] Torrefranca, J.O. (2015). Wika ng kultura at nasyonalismo sa mga piling sanaysay ni Condrado De Quiros. Cebu Normal University. Cebu City.
[31] Villafuerte, P.V. (2002). Talumpati, debate at argumentasyon. Valenzuela City: Mutya Publishing House.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved